

IAANUNSYO KAAGAD

Agosto 25, 2020

Contact:

Sylvia Soublet

Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan,
Direktor sa Mga Ugnayang Pampubliko
Opisina: (510) 267-9434 / Cellphone: (510)
207-2074

Fax: (510) 271-9120

ssoublet@acgov.org

Nagpatupad ang Alameda County ng Programang Economic Resiliency para Matugunan ang

Krisis sa Kalusugan ng Publiko dahil sa COVID-19

**Layunin ng Responsibilidad ng Alameda County sa Kalusugan ng Komunidad (Alameda County
Responsibility to Community Health, ARCH) na Tulungang Mapigilan ang Pagkalat ng Virus sa
pamamagitan ng Pangangasiwa ng Pagbukod ng Sarili o Self-Isolation**

Oakland, CA – Naglunsad ang Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County (Alameda County Social Services Agency, ACSSA), sa pakikipagtulungan sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng County (County Health Care Services, HCSA), at ng Mga Ahensiya ng Auditor-Controller, ng isang programang economic resiliency noong Agosto 24, 2020 upang tugunan ang krisis sa kalusugan ng publiko dahil sa COVID-19. Ang Alameda County Responsibility to Community Health o ARCH, tinatawag dati bilang Pilot Stipend Program, ay nilalayong mapigilan ang pagkalat ng virus ng COVID-19 sa Alameda County sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga residente ng County na sumasailalim sa pagbukod ng sarili (self-isolating) na nasuring positibo para sa COVID-19. Ang pagpopondo at pagbuo sa pilot program ay pinagkaisahang aprubahan ng Lupon ng Mga Superbisor ng Alameda County noong Agosto 4, 2020.

“Sinabi sa amin ng aming mga komunidad na kinailangan nilang gumawa ng mahirap na desisyon sa pagitan ng pag-isolate at mawalan ng dalawang linggong kinakailangang bayad kung masusuri silang positibo para sa COVID-19. Walang dapat gumawa ng desisyong ito,” ang sabi ng Superbisor ng Alameda County na si Wilma Chan. “Ang programang ito ay magbibigay-daan sa mga indibiduwal na positibo sa COVID-19 sa ating mga pinakaapektadong lugar na mapanatili ang katatagan ng pananalapi habang pinapanatiling ligtas ang kanilang mga komunidad mula sa higit pang pagkalat ng sakit.”

Ang Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County, kasama ng Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, Ahensiya ng Auditor-Controller at mga itinalagang katuwang na klinikang pangkalusugan sa komunidad, ay nagpatupad ng programang ARCH upang simulan kaagad ang pagbibigay ng mga serbisyo sa mga nararapat na residente ng County. Mamamahagi ang ARCH ng humigit-kumulang na \$10 milyon sa tulong na pangkabuhayan sa tinatantiyang 7,500 na mga residente ng County na maaaring hindi makapagpatuloy sa pagtatrabaho dahil sa hindi matatag na ekonomiya pagkatapos na masuring positibo para sa COVID-19.

“Ang pilot na ito ay nilalayong magbigay ng mga pondo upang suportahan ang mga indibiduwal at mga pamilyang kailangang mag-isolate ngayon para sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang mga sarili at ng komunidad,” ang sabi ng Administrador ng Alameda County na si Susan Muranishi. “Nauunawaan ng County na ang pananatili sa bahay habang nasuring may COVID-19 ay hindi dapat maging isang pribilehiyo sa mga

kaya lamang ito.”

Tina-target ng programang ARCH ang mga residenteng positibo sa COVID-19 na nakatira sa mga lugar na itinalagang mataas ang panganib na kinabibilangan ng: South Hayward, Ashland/Cherryland, East Oakland, West Oakland, at Fruitvale/San Antonio.

“Bilang isang County, mahigpit kaming naniniwala na walang dapat mamili sa pagitan ng kung ano ang nararapat para sa kanilang kalusugan at kanilang komunidad at sa pagpapakain ng kanilang mga sarili o ng mga pamilya nila,” ipinaliwanag ni Lori Cox, Direktor ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County. “Ang hindi pangkaraniwang panahong ito ay nangangailangan ng mga pambihirang hakbang at pagsusumikap.

Ang lahat ng kasamang nagtutulungan sa programang ARCH ay nagdala ng walang kapantay na antas ng dedikasyon at sigla upang maging matagumpay ang programang ito.”

Pinaniniwalaan na ang karamihan sa mga nararapat na residente ng County ay maaaring mga mahalagang manggagawa (essential worker) na hindi maaaring magtrabaho nang malayuan, kaya, inilalagay sila nito sa mas mataas na panganib na magkaroon ng COVID-19. Ang mga residenteng madaling mahawaan ng sakit na masusuring positibo para sa COVID-19 ay iuugnay sa programa sa pamamagitan ng network ng mga serbisyo para sa Imbestigasyon sa Komunidad/Contact Tracing ng medikal na provider sa komunidad ng HCSA.

“Tutulungan tayo ng programang ito na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga residenteng masusuring positibo at walang mga paraan upang ligtas na mag-isolate,” ang sabi ni Colleen Chawla, Direktor ng Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Alameda County. “Kasama rito ang mga mahalagang manggagawa na hindi makakapagtrabaho nang malayuan at ang mga manggagawang binabayaran nang kada oras na hindi kayang mawalan ng sahod.”

Ang mga kalahok na klinikang pangkalusugan, kasama ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County, ay magtutuon ng pansin sa pangangalagang pangkalusugan: Pagsusuri para sa COVID-19, mga resulta at mga referral lang. Ang mga klinikang pangkalusugan ay hindi magkakaroon ng tungkulin sa proseso ng pamamahagi ng stipend.

"Karamihan sa mga mahalagang manggagawa ay nahaharap sa imposibleng opsyon kapag nakakuha sila ng COVID-19: mawalan ng ilang linggong sahod o lumabag sa mahalagang utos para sa kalusugan ng publiko," ang sabi ni Noha Aboelata, MD Punong Opisyal na Tagapagpaganap ng Roots Community Health Center. “Nagpapasalamat kami sa pamumuno ng Alameda County para sa mabisang pag-alis ng hadlang na mawalan ng kita, pagprotekta sa mga manggagawa, kanilang mga pamilya at sa komunidad.”

Ang programang ARCH ay magbibigay ng isang beses na stipend na \$1,2500.00 na isang VISA cash card sa pakikipagtulungan sa First United Services Credit Union. Malinaw na tinutukoy ng County na hindi makakaapekto ang katayuan sa imigrasyon ng aplikante sa kanilang pagiging nararapat para sa programa. Sinasabi ng iba pang mahalagang bahagi ng programa na ang mga aplikante ay hindi dapat kasalukuyang tumatanggap ng Mga Benepisyo ng Insurance dahil sa Kawalan ng Trabaho o may bayad na sick leave.

“Ginagawa ng Alameda County ang nararapat sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa mga residenteng may COVID-19 na mababa ang kita at nang sa gayon ay maaari silang manatili sa bahay at maiwasan ang pagkalat ng sakit na ito,” ang komento ni Ralph Silber, Executive na Direktor ng Alameda Health Consortium. “Tutulungan ng programang ito ang ating mga sentrong pangkalusugan ng komunidad na suportahan ang ating mga komunidad na pinakaapektado ng pandemya.”

Makikita ang hindi kumpletong listahan ng Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) sa website ng County sa www.acgov.org at sa website ng ACSSA sa www.alamedasocialservices.org. Hinihikayat ang publiko na madalas na tingnan ito para sa mga update sa FAQ.

Para sa pinakabagong datos sa COVID-19 ng Alameda County, bisitahin ang Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County sa <http://www.acphd.org/>

